

Pagod ka na ba?

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant

September 12, 2020

Ang tanong na “pagod ka na ba?” ay tumutukoy sa lahat ng aspekto sa ating buhay – pisikal, mental, emosyonal, at espirituwal. Nag-uugat ang ating pisikal na pagkapagod sa araw-araw na mga gawain sa trabaho at pamilya. Sa kabilang banda, nagmumula naman ang emosyonal na pagkapagod sa mga sakit ng damdamin, samantala ang mental na pagkapagod ay nanggagaling naman sa pag-aalala at pagkabalisa sa mga bagay-bagay. Bukod dito, nag-uugat naman ang espirituwal na pagkapagod sa pagkawala ng kahulugan sa lahat ng ating ginagawa at sa paglilingkod sa Diyos. Bilang Kristiyano, hindi tayo eksemted sa pagkapagod; subalit, pinapasigla ng Diyos ang ating napapagal na katawan at nanghihinang kaluluwa.

Pagbasa: Ang Samaritana sa balon (Jn. 4:1-10)

Tatlong pangyayari sa kuwento na makatutulong sa pagpapagaling at pagpapanumbalik ng lakas mula sa ating pagkapagod:

1. Napagod si Jesus.

- Si Jesus ay Diyos na hindi maaaring mapagod (Is. 40:28-29), ngunit bilang tao, napagod din Siya. Ibig sabihin na normal lang ang makaramdam ng pagkapagod. Hindi tayo dapat mahiya na sabihin sa lahat ang nararamdamang ito. Nakararanas ng pagkapagod ang matatapat na naglilingkod sa Diyos pero nagpapatuloy pa rin sila sa pagtupad sa plano ng Diyos.

2. Umupo si Jesus sa balon ni Jacob.

- Umupo si Jesus sa balon ni Jacob para kumuha ng tubig. Tinatawag din tayong umupo sa balon ng pananalig (ang Diyos) para magkaroon ng sapat na lakas upang maipagpatuloy ang mga gawain.
- Nakita ni Jesus ang Samaritana. Nagulat ang babae ng makita niya ang kanyang kaligtasan sa balon. Minsan katulad din natin ang Samaritana na umiiwas sa bulong-

bulungan ng maraming tao at nagpunta siyang mag-isa sa balon. Doon matagpuan niya si Jesus na naghihintay sa kanya.

3. Nag-alok si Jesus ng tubig na nagbibigay ng buhay.

- Inalok ni Jesus ang Samaritana ng totoong inumin at sinuman ang iinom nito ay hindi na muling mauuhaw.
- Sinabi ni Jesus, “Lumapit kayo sa akin, kayong napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo’y pagpapahingain ko,” (Mt 11:28). Kung tayo’y pagod na, lumapit tayo kay Jesus na nag-aalok ng magaanang pamatok.
- Maging Maria sa halip na si Martha (Lk. 10:38-42). Umupo sa paanan ni Jesus at makinig. Kung abala tayo kagaya ni Martha, baka hindi na natin marinig ang sinasabi ng Diyos sa atin.

Konklusyon:

Bumaba si Jesus sa lupa mula sa langit para tayo’y mailigtas. Sabik na sabik Siya sa atin at naghihintay Siya sa ating balon. Alam na alam natin ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang mga tanda’t himala, pagpapagaling at pagpapakain sa limang libo. Sa pakikipagtagpo Niya sa sarili nating ‘Samarita’ at sa ating balon, ito na marahil ang pinakadakilang himalang mararanasan natin.

Pagninilay:

1. Paano mo malalapitan ang iyong sariling ‘Samarita’?
2. Ano-ano ang iyong mga pamamaraan para mapawi ang iyong kapaguran ngayon?
3. Ano-ano ang mga posibleng ‘balon’ na pumapawi sa iyong pagka-uhaw? Matutugunan kaya ng mga ito ang iyong pagka-uhaw?

Isinalin ni: Sis Nida Cruz

Na-Edit at Inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano

For more teachings, visit our website:

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>